# Pakikilahok sa Simbahan ng mga Indibiduwal na Nagsasabing Sila ay Transgender

MGA GABAY NA ALITUNTUNIN PARA SA MGA LOKAL NA LIDER

Ang dokumentong ito ay pandagdag sa patakaran sa *Pangkalahatang Hanbuk*, 38.6.23, "Mga Indibiduwal na Nagsasabing Sila ay Transgender." Ang layunin nito ay tulungan ang mga lokal na lider na makipag-usap sa mga indibiduwal at kanilang mga pamilya tungkol sa ilang partikular na aspekto ng pakikibahagi sa Simbahan.

## Mga Pangkalahatang Tuntunin

Sa lahat ng pagkakataon, ang mga lokal na lider ay:

- Hihingi ng espirituwal na patnubay.
- Pakikitunguhan ang mga indibiduwal at kanilang mga pamilya nang may pagmamahal at paggalang habang nagtuturo ng katotohanan ng ebanghelyo.
- Isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng bawat indibiduwal at iba pang mga miyembro ng ward.
- Tinitiyak na ang doktrina ng Simbahan tungkol sa kasarian ay nauunawaan at hindi nakokompromiso.
- Humihingi ng payo. Sumasangguni ang mga bishop sa stake president. Ang mga stake at mission president ay humihingi ng patnubay mula sa Area Presidency.
- Isinasali ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga menor-de-edad.

## Mga Ginustong Pangalan at mga Panghalip

Makikita sa opisyal na mga talaan ng Simbahan ang biological na kasarian ng miyembro noong siya ay isinilang.

Ang paggamit ng mga ginustong pangalan at mga panghalip ay dapat ipaubaya sa pagitan ng mga indibiduwal at ng kanilang pamilya, mga kaibigan, at mga miyembro ng Simbahan. Hindi dapat magpasiya o magmungkahi ang mga lokal na lider kung paano tatawagin ng mga miyembro ang isang tao.

Kung ang isang miyembro ay may ginustong pangalan, maaari itong ilagay sa "Preferred Name" field sa membership record.

## Mga Aktibidad at Pulong na Para sa Partikular na Kasarian

Ang mga indibidwal ay dumadalo sa mga pulong at aktibidad na para sa partikular na kasarian ayon sa kanilang biological na kasarian noong sila ay isinilang.

Ang anumang eksepsyon, na dapat ay bibihira, ay dapat sumunod sa "Mga Pangkalahatang Tuntunin" na nakalista sa itaas at maaprubahan ng Area Presidency.

## Mga Magdamagang Aktibidad

Para sa mga magdamagang aktibidad na para sa partikular na kasarian, ang mga indibiduwal ay dumadalo lamang sa mga camp na naaayon sa kanilang biological na kasarian noong sila ay isinilang. Ang mga halimbawa ng gayong mga aktibidad ay ang mga Young Women camp at mga Aaronic Priesthood quorum camp.

Para sa mga magdamagang aktibidad na hindi para sa partikular na kasarian, ang mga indibiduwal na sumailalim o sumasailalim sa prosesong medikal, operasyon, o social transitioning para baguhin ang kanilang biological na kasarian noong sila ay isinilang, ay aalis sa aktibidad sa gabi. Ang mga kabataan ay ibinibigay sa pangangalaga ng isang magulang o legal na tagapag-alaga, na siya namang responsable para sa matutuluyan nito. Kabilang sa mga halimbawa ng mga aktibidad na hindi para sa partikular na kasarian ang mga young single adult conference, For the Strength of Youth conference, at mga youth conference.

## Mga Calling at mga Takdang-Gawain

Ang mga indibiduwal na sumailalim o sumasailalim sa prosesong medikal, operasyon, o social transitioning para baguhin ang kanilang biological na kasarian noong sila ay isinilang ay hindi tinatawag na maglingkod o binibigyan ng takdang-gawain para (1) gampanan ang mga tungkulin na para lamang sa partikular na kasarian, (2) maglingkod bilang mga guro, o (3) maglingkod sa mga bata o kabataan. Maaari silang tumanggap ng iba pang mga calling o takdang-gawain na nagbibigay ng mga pagkakataong umunlad at maglingkod sa iba.

## Mga Banyo sa Mga Pasilidad ng Simbahan

Ang mga banyo ay dapat magbigay ng pribado at ligtas na kapaligiran. Kailangang maging maingat para mabigyang-galang ang privacy at dignidad ng lahat ng indibiduwal.

Ang mga indibiduwal na sumailalim o sumasailalim sa prosesong medikal, operasyon, o social transitioning para baguhin ang kanilang biological na kasarian noong sila ay isinilang ay dapat gumamit ng banyo na para lamang sa isang tao (single-occupancy restroom) kung mayroon nito.

Kung walang banyo na para lamang sa iisang tao, isang lokal na lider ang makikipagsanggunian sa indibiduwal (at sa mga magulang o tagapag-alaga ng isang kabataan) para makahanap ng solusyon. Kabilang sa mga opsiyon ang:

- Paggamit ng banyo na nakaayon sa biological na kasarian ng indibiduwal noong siya ay isinilang.
- Paggamit ng banyo na tumutugma sa kasariang pakiramdam ng indibiduwal na kinabibilangan niya, habang kasama ang isang mapagkakatiwalaang tao na titiyak na walang ibang tao ang kasabay niyang gumagamit ng banyo.

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 8/24. Pagsasalin ng *Church Participation of Individuals Who Identify as Transgender: Guiding Principles for Local Leaders*. Tagalog. PD60010241 C01 893.